DepEd Advisory No. 22, s. 2014
January 15, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

PANDAIGDIGANG KUMPERENSYA SA PAGTUTURO NG WIKA NG PAMANTASANG DE LA SALLE-DASMARIÑAS

Ang Kagawaran ng Filipino at Panitikan sa Pamantasang De La Salle-Dasmariñas ay magdaraos ng isang *Pandaigdigang Kumperensya sa Pagtuturo ng Wika* na may temang *Pagtuturo ng Wika Batay sa Mother Tongue-Based na Edukasyon sa Ika-21 Siglo* na gaganapin sa Hulyo 10-12, 2014 sa Bulwagang Salrial, Gusali ng Hotel de Oriente, Pamantasang De La Salle-Dasmariñas, Cavite.

Layunin ng kumperensya na ito ay ang mga sumusunod:

1. magkaroon ng karagdagan at napapanahong kaalaman ang mga guro ng wika tungkol sa pagtuturo ng *Mother Tongue-Based Education* sa ika-21 siglo;
2. mailahad ang iba't-ibang estilong panturo at kagamitan na maaaring magamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika sa larangan ng akademya alinsunod sa mga hinihinging pagbabago ng panahon;
3. mabigyan pa nang mas malawak na pagpapahalaga ang mga delegado tungkol sa paggamit ng unang wika (*Mother Tongue*) bilang pinakamabisang instrumento sa pagtuturo; at
4. makapaglapat ng mga angkop na estratehiya na makatutugon sa epektibong pagkatuto sa wika.

Inaasahan na ang mga dadalo sa gawaing ito ay ang mga guro ng wika mula sa iba't ibang panig ng Pilipinas.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa:

Pamantasang De La Salle-Dasmariñas
Cavite 4115
Telepono Blg.: (02) 844-7832; (046) 416-4531
Email Address: kfp@dlsud.edu.ph
Website Address: www.dlsu.edu.ph

SMA/DA Pandaigdigang Kumperensya ng DLSU
0024-January 10, 2014